

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ang BT Safe app para sa mga rider ng Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Mayo 18, 2022) – Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang BT Safe app para sa mga rider ng Brampton Transit.

Ang BT Safe app ay isang Transit Safety Mobile Reporting Solution na magagamit para sa iOS at Android. Ang app ay nag-aalok sa mga rider ng Brampton Transit ng isang kumbinyente, madaling gamitin at lihim na paraan ng pagsusumbong sa panggigipit, mga alalahanin sa kaligtasan o nakakadudang mga aktibidad direktso sa Brampton Transit. Sa kaganapan ng isang emergency, ang BT Safe app ay nagpapahintulot din sa mga rider na diretsong abisuhan ang 9-1-1.

Gamit ang app na ito, magagawa ng mga customer ang kanilang parte para makatulong na gawing mas ligtas ang transit para sa lahat sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga detalyadong report ng mga insidente at sitwasyon na naobserbahan sa Brampton Transit – sa isang behikulo man, sa isang terminal o sa hintuan ng bus. Lihim ang mga isinumbong na isyu at maaaring gawin nang hindi nagbibigay ng pangalan.

Ang Brampton Transit ay committed sa kaligtasan ng mga rider at empleyado nito. Ang BT Safe app ay isang ekstensyon ng award-winning na programa sa kamalayan ng publiko ng Brampton Transit na [See Something, Hear Something, Say Something](#) para makatulong sa pagmimintina ng ligtas na transit system at para bantayan ang kaligtasan ng komunidad ng Brampton Transit. Ang programa ay humihikayat sa lahat ng empleyado ng Brampton Transit at mga rider na mangangako sa pagiging alerdo, may kaalaman, handa at nakikipag-ugnay na mga partner sa kaligtasan.

[Mag-click dito para malaman ang mas marami pa tungkol sa BT Safe app.](#) Bisitahin ang bramptontransit.com o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter para sa kasalukuyang mga update ng transit. Ang mga tanong ay maaaring idirekta sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at ang BT Safe app ay sumusuporta sa ligtas na komunidad. Committed ang Brampton Transit sa kaligtasan ng mga rider at empleyado nito, at hinihiling namin sa mga user na isumbong ang kahina-hinala o hindi karaniwang aktibidad sa pamamagitan ng app. Magkakasama, mapapanatili nating ligtas ang ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang BT Safe app ay isang mobile app na madaling gamitin na makukuha mula sa iOS at Android. Kung kailangan mong isumbong ang isang pangkaligtasang alalahanin, buksan lamang ang app, at piliin ang ‘Report Now’ para direktang padalhan ng mensahe ang Security Services, o piliin ang ‘911 Emergency’ para isumbong ang emergency kapag ang pulis, bomber o tulong medikal ay kailangan.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 & 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagbibigay ng mga pagkakataon para sa dagdag na kaligtasan at maayos na komunikasyon. Ang BT Safe app ay isang mahalagang milestone para sa Brampton Transit sa paghahatid nito.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ang kaligtasan ay ang ating numero unong prayoridad at ang ating layunin ay tiyakin na ang ating system ay nagpapatuloy na ligtas para sa ating mga rider at empleyado. Tayong lahat ay may responsibilidad na panatilihin ang isa’t isa na ligtas at hinihikayat natin ang ating komunidad na isumbong ang mga alalahanin sa kaligtasan.”

- *Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca